BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

MEDIA ADVISORY

baaqmd.gov

PETSA: Disyembre 26, 2023
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Pahayag ng Distrito ng Hangin ng Bay Area tungkol sa MRC

SAN FRANCISCO – Pahayag ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area tungkol sa mga kamakailang insidente sa kalidad ng hangin sa MRC:

"Nakakabahala at hindi katanggap-tanggap ang mga kamakailang paglabag sa kalidad ng hangin sa MRC. Tulad ng komunidad, ikinababahala at ikinagagalit ng Distrito ng Hangin ang mga pangyayaring ito. Aktibo naming iniimbestigahan at ginagawa ang lahat ng legal na puwedeng gawin para matiyak na nakakasunod ang MRC sa aming mga regulasyon at na mababawasan ang mga paglabag sa hinaharap at ang mga abala sa komunidad. Kamakailan ay nag-anunsyo ang Distrito ng Hangin ng pinagsamang sibil na pagkilos sa pagpapatupad laban sa MRC kasama ng Tanggapan ng Abugado ng Distrito ng County ng Contra Costa para pagsama-samahin ang aming mga resource sa pag-uusig para aktibong maisulong ang pananagutan at katarungan para sa komunidad ng Martinez. Nakikiisa ang Distrito ng Hangin sa aming mga partner at sa mga residente ng Martinez para papanagutin ang MRC."

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable sa pangangalaga ng kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
Homepage ng Distrito ng Hangin | Mga Pahayag sa Media